

KAGAWARAN NG SEGURIDAD NG TRABAHO SA ILLINOIS

PALATAKDAAN NG SERTIPIKASYON REGULAR NA UI LAMANG



HAKBANG 1

Mag-apply para sa mga benepisyo

- Mag-file ng kahilingan para sa mga benepisyo sa online o sa pamamagitan ng telepono
- Sa loob ng 7-10 na araw na pag-file, makakatanggap ka ng sulat sa Paghahanap ng UI. Naglalaman ito ng halaga ng iyong benepisyo at unang petsa ng sertipikasyon (tinatayang dalawang linggo pagkatapos ng unang pag-file).

Tandaan: Kapag nag-apply ka para sa regular na mga benepisyo, maliban kung nag-sign up ka para sa direktang deposito, makakatanggap ka ng isang walang laman na debit card ng KeyBank. Maaari kang mag-sign up ng direktang deposito kaagad pagkatapos ipasa ang iyong kahilingan o anumang oras pagkatapos.



HAKBANG 2

Magpatotoo sa online o sa pamamagitan ng telepono

- **Ang sertipikasyon ay kung paano ka binabayaran sa mga benepisyo.**
- Sa petsang nakalagay sa iyong sulat sa Paghahanap ng UI, pumunta online at sagutin ang mga tanong para sa sertipikasyon tungkol sa iyong nakaraang dalawang linggo ng kawalan ng trabaho. Para sa regular na UI, maaari ka ring magpatunay sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng Tele-serve na nakasulat sa ibaba.
- Maghanda na iulat kung nagtrabaho ka at ang halaga ng kabuuang sahod na nakuha sa huling dalawang linggo.

Tandaan: Kailangan mo ding patunayan na ikaw ay may kakayahan, maaari, at aktibong naghahanap ng trabaho. Tingnan ang aming [online FAQs](#) para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang ibig sabihin nito sa panahon ng COVID-19.



HAKBANG 3

Tumanggap ng kabayaran

- Pagkalipas ng 2-3 na araw pagkatapos patunayan ang iyong mga benepisyo, ibibigay ang kabayaran sa iyong debit card at sa pamamagitan ng direktang deposito.
- Dapat mong ipagpatuloy ang pagpapatunay (sa parehong araw ng linggo na nakasaad sa iyong sulat sa Paghahanap ng UI) bawat dalawang linggo upang magpatuloy na makatanggap ng mga benepisyo.

Tandaan: Kung ipinahihiwatig ng iyong sulat sa Paghahanap ng UI na ang iyong Lingguhang Halaga ng Benepisyo ay \$ 0.00, ibig sabihin na ikaw ay natagpuan na Monatarilyong Hindi Karapat-dapat. Kung ikaw ay naniniwala na kumita ng sapat upang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo, mangyaring mag-upload ng patunay ng iyong kita mula sa nakaraang 15 buwan sa [website ng IDES](#).

Halimbawa ng Kalendaryo

Pagkatapos mong **mag-file ng kahilingan (file a claim)**, ikaw ay maghihintay siguro ng isang linggo upang makuha ang iyong **sulat sa Paghahanap ng UI (UI Finding letter)**. Ang sulat na ito ay nagsasabi kung kailan ka **magpapatunay (certify)** - alinman sa Lunes, Martes, o Miyerkules.* Ipagpapatuloy mo ang pagpapatunay kada susunod na linggo, at kunin ang iyong **kabayaran (payment)** ilang araw pagkatapos mong magpatunay sa bawat oras.

SUN	MON	TUE	WED	THU	FRI	SAT
	1	2 File Claim	3	4	5	6
7	8	9	10	11 Get UI Finding Letter	12	13
14	15	16	17 Certify	18	19 Payment	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31 Certify		2 Payment	

*Kung napalampas mo ang iyong regular na araw ng pagpapatunay, maaari kang magpatunay sa Huwebes o Biyernes

MAG-FILE NG
KAHILINGAN (FILE A
CLAIM).

MAGPATUNAY
(CERTIFY).

IDES
ILLINOIS DEPARTMENT OF
EMPLOYMENT SECURITY

SERBISYO PARA SA
PAROKYANO
800-244-5631